

# Kung minsan naiinis ako sa pamilya ko. Ano ang magagawa ko?



Manalangin sa Ama sa Langit at hilingin sa Kanya na tulungan kang maging mabait sa pamilya mo. Yakapin sila.

**Noah F., edad 10, Queensland, Australia**





**Giulia:** Sikapin mong isipin ang lahat ng masasayang panahon na kasama mo sila, at isipin ang masasayang panahong iyon at na hindi perpekto ang mga tao.

**Bruna:** Kahit hindi sila magsabi ng "sori," patatawarin ko sila.

**Giulia at Bruna R., edad 13 at 8, São Paulo, Brazil**



Kung naiinis ako sa kapatid kong musmos, inaayos ko ang kama niya o ipinaghahanda ko siya ng pagkain. Gusto ko ring gumawa ng mga card, gumawa ng mga ekstrang gawaing-bahay, at magdasal. Nadarama ko na sinasabi sa akin ng Espiritu na tama ang ginawa ko.

**Adeline B., edad 9, Tennessee, USA**



Magdarasal ako, magdaraos ng mga family home evening, at kakausapin ko sila.

**Luisa R., edad 9, Baja California, Mexico**





**Julia:** Maaari akong maging mabait sa pamilya ko, at kapag naiinis ako, puwede kong sabihin na mahal ko sila at magpapakita ako ng kabaitan. Maaari kong sundin ang Tagapagligtas at magpakita ng pagmamahal sa kanila.

**Darrin:** Basta maging masaya ka lang at bahaginan at pagsilbihan mo sila.

**Julia at Darrin S., edad 8 at 6, New Mexico, USA**

## BAGONG TANONG

*"May kapatid akong lalaki na mali ang mga pagpapasiya. Ano ang dapat kong gawin?"*

Ipadala sa amin ang iyong sagot at retrato bago sumapit ang Abril 15, 2017. Isumite ang mga ito online sa liahona.lds.org o i-email sa amin sa liahona@ldschurch.org. (Ilagay ang "Question Corner" sa subject line.) Tandaang isama ang pahintulot ng iyong magulang!

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD